# Pinainom ko ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, mula sa Zamzam at uminom siya habang siya ay nakatayo.

Ayon kay Ibnu `Abbās, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, na nagsabi: "Pinainom ko ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, mula sa Zamzam at uminom siya habang siya ay nakatayo." Ayon kay An-Nazzāl bin Sabrah, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "Pumunta si `Alīy sa pintuan ng Ar-Raḥbah at uminom nang nakatayo. Nagsabi ito: Tunay na ako ay nakakita sa Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na gumawa ng gaya ng nakita ninyo sa akin na ginawa ko." Ayon kay `Amr bin Shu`ayb, ayon sa ama nito, ayon sa lolo niyon, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: "Nakita ko ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na umiinom nang nakatayo at nakaupo."

[Maganda] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy.]

Nagpabatid si Ibnu `Abbās, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, na pinainom nito ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, mula sa tubig ng Zamzam at uminom siya habang siya ay nakatayo. Uminom nga si `Alīy bin Abī Ṭālib, malugod si Allāh sa kanya, nang nakatayo at nagsabi ito: "Tunay na ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay gumawa ng gaya ng nakita ninyo sa akin na ginawa ko." Gayon din ang ipinabatid ni `Abdullāh bin `Amr, malugod si Allāh sa kanilang dalawa, na siya ay nakakita sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na umiinom nang nakatayo at nakaupo.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee